



Pansamantalang Gabay para sa Mga Programa sa Pag-aalaga ng Bata

Setyembre 14, 2020

Ang gabay na ito ay binuo ng Departamento ng Pampublikong Kalusugan ng San Francisco (San Francisco Department of Public Health, SFDPH) para sa lokal na paggamit. Ipo-post ito sa <http://www.sfdcp.org/CovidSchoolsChildcare>. Ang gabay na ito ay maaaring magbago kapag nagkaroon ng bagong kaalaman at kapag nagbago ang paglaganap ng sakit sa lokal na komunidad.

Buod ng mga Pagbabago mula sa Bersyon noong 9/1/2020

- Maaari na ngayong magkaroon ng hanggang 16 na tao sa mga cohort, kabilang ang mga kawani at bata. Alinsunod ito sa gabay ng Departamento ng Pampublikong Kalusugan ng California ([California Department of Public Health, CDPH sa maliliit na cohort /grupo ng mga bata at kabataan na inilathala noong 9/4/2020](#)).
- Ang bawat cohort ay maaaring magkaroon ng hanggang 4 na kawani, kabilang ang mga sinanay na nagboboluntaryo at intern.
- Ang mga kawani na nag-aalaga lang ng mga batang 0-5 taong gulang ay maaaring magtrabaho sa dalawang cohort ng mga bata. Gayunpaman, dapat ay nagtatrabaho sila sa eksklusibong “mga grupo ng kawani” na hanggang 4 na kawani, kung saan sila lang na mga tao sa grupo ng kawani ang magkakatrabaho, at ang lahat ng kawani sa isang grupo ay nangangalaga sa parehong dalawang cohort ng mga bata.
- May idinagdag ng link sa bagong gabay sa bentilasyon mula sa SFDPH sa <https://sfdcp.org/covid19>

AUDIENCE: Ang mga programa sa pag-aalaga ng bata sa San Francisco. Para sa mga layunin ng gabay na ito, tumutukoy ang mga programa sa pag-aalaga ng bata sa lahat ng pasilidad ng panggrupong pag-aalaga para sa mga batang hindi pa pumapasok sa paaralang elementarya. Kasama rito ang mga center para sa pag-aalaga ng bata; mga pasilidad para sa pag-unlad ng bata; mga pampamilyang tahanan para sa pag-aalaga ng bata; at mga programa ng preschool, transitional kindergarten, mga pre-kindergarten at kindergarten na hindi bahagi ng paaralang elementarya .

LAYUNIN: Upang tulungan ang mga programa sa pag-aalaga ng bata na maunawaan ang mga kagawian sa kalusugan at kaligtasan na kailangan para pigilan ang pagkalat ng COVID-19 sa mga ganitong programa.

PAGLALARAWAN: Pinapahintulutan ang mga programa sa pag-aalaga ng bata sa San Francisco na magbukas para sa lahat ng bata simula noong Hunyo 1, 2020. Ang mga pag-uugaling nakakapigil sa pagkalat ng COVID-19—pananatiling may distansya ng 6 na talampakan sa ibang tao, pagsusuot ng mga pantakip sa mukha, at pagsasagawa ng tamang hygiene—ay maaaring maging mahirap para sa maliliit na bata. Dapat iakma at isaayos ng mga programa sa pag-aalaga ng bata ang mga paraan ng pangangasiwa sa COVID-19 upang mabawasan ang panganib ng impeksyon para sa kawani at mga bata, habang tinutugunan ang mga pangangailangan sa pag-unlad at paglinang sa kakayahang panlipunan at emosyonal ng mga bata.

Ang mga pangkalahatang prinsipyo atistratehiya na inilalarawan sa gabay na ito ay batay sa pinakamahusay na agham na mayroon sa ngayon at sa kasalukuyang antas ng paglaganap ng COVID-19 sa San Francisco.



Mga Nilalaman

Mga pangunahing mensahe para sa mga programa sa pag-aalaga ng bata.....	3
Maghanda para sa muling pagbubukas.....	4
Mgaistratehiya upang mapigilan ang pagkalat ng COVID-19 sa mga lugar kung saan inaalagaan ang mga bata.....	6
Ilagay ang kawani at mga bata sa maliit at nakapirming grupo (“mga cohort”).	8
Paglalagay ng pisikal na distansya (physical distancing).....	10
Mga face mask at telang pantakip ng mukha	11
Hygiene ng kamay	13
Bentilasyon at mga espasyo sa labas.....	14
Limitahan ang paghihiraman.....	15
Paglilinis at pag-disinfect	15
Mga Partikular na Sitwasyon	16
Drop-off at pick-up	16
Pag-aalaga ng mga sanggol at toddler	17
Oras ng pagkain at meryenda	17
Mga espasyo para sa kawani: mga opisina, pahingahan at pinagtatrabahuhang kwarto	18
Iba pang aktibidad na dapat iwasan: pagkanta bilang grupo, mga field trip at pagsisipilyo	19
Ang dapat gawin kapag may isang tao na may pinaghihinalaan o kumpirmadong kaso ng COVID-19.....	19
Kapag may mga sintomas ng COVID-19 ang isang bata o miyembro ng kawani	19
Kapag nagpositibo sa COVID-19 ang isang bata o kawani	20
Mga Sanggunian.....	20



Mga pangunahing mensahe para sa mga programa sa pag-aalaga ng bata

- **Tugunan ang paglaganap sa pagitan ng mga taong nasa hustong gulang, at kung bakit ang mga taong nasa hustong gulang ang pinagmumulan ng impeksyon.** Ang karamihan ng kaso ng COVID-19 sa mga lugar kung saan nag-aalaga ng bata ay nangyari sa kawani at hindi sa mga bata.

Bagama't maaaring mahawa ang mga bata sa COVID-19 at maaari ding mahawa sa kanila ang mga nasa hustong gulang, hindi masyadong pangkaraniwan ang ganoong sitwasyon kumpara sa pagkalat ng impeksyon sa pagitan ng mga nasa hustong gulang. Isinasaad sa mga nakalapat na ebidensya sa ngayon na ang mga batang 0-9 na taong gulang ay may mas mababang posibilidad na mahawa at makahawa ng iba.

- **Mas mahalagang maiwasan ang hawahan sa pagitan ng mga tao na nangyayari sa pamamagitan ng mga respiratory droplet kaysa sa madalas na paglilinis at pag-disinfect.** Pangunahing kumakalat ang COVID-19 sa pagitan ng mga tao sa pamamagitan ng mga respiratory droplet.
 - **Hindi naihahawa ang coronavirus sa pamamagitan lang ng paghawak sa balat. Dapat itong makapasok sa ilong, bibig, o mga mata ng tao ang virus para makapagdulot ng impeksyon.** Para mahawahan ng COVID-19 mula sa paghawak ng kontaminadong surface, dapat munang mahawakan ng isang tao ang surface, at pagkatapos ay humawak sa kanyang mga mata, ilong, o bibig. Napipigilan ang hawahan sa pamamagitan ng madalas na paghuhugas ng kamay.
 - **Mas madaling puksain ang coronavirus kaysa sa norovirus.** Epektibo ang karamihan sa mga produktong panlinis ng bahay. Sa pangkalahatan, hindi kailangan ng mga propesyonal na serbisyo ng pag-deep clean.
- **Ang paggamit ng personal na pamprotektang kagamitan (personal protective equipment, PPE) ay hindi nangangahulugang hindi na kailangan ang physical distancing, mga portable na halang/partisyon, at mga unibersal na pantakip sa mukha.** Mali na ipinagpapalagay ng mga tao na ligtas na sila kapag gumagamit sila ng PPE. Sa pangkalahatan, mas mahalaga ang physical distancing, mga halang, at mga pantakip sa mukha sa pagpigil sa pagkalat ng COVID-19 sa mga setting ng pangangalaga ng bata.
- **Ang panganib ng pagkakalantad ay nasa isang continuum.** Bilang pamantayan, dapat tumagal ang isang tao nang kahit 15 minuto nang may distansyang hindi hihigit sa 6 na talampakan mula sa isang taong may COVID-19 para magkaroon ng panganib na mahawa.
 - Mas mababa ang magiging panganib sa mas maiikling pakikisalamuha at sa mga pakikisalamuha nang may higit pang distansya.
 - Mas mainam kung kaunti lang ang mga mag-aaral sa isang klase kaysa sa mas marami, at mas mainam din kung isasagawa ang klase sa labas kaysa sa looban.
 - Mas mainam kung mas maraming tao ang nagsusuot ng pantakip sa mukha kaysa sa kung mas kaunti ang mga taong nagsusuot ng pantakip sa mukha.
 - Ang mga aktibidad na nagdudulot ng mas kaunting respiratory droplet ay may mas mababang panganib kaysa sa mga aktibidad na nagdudulot ng mas maraming droplet (katahimikan < tahimik na pakikipag-usap < malakas na pakikipag-usap < kantahan).



- **Kapag may kasaling maliliit na bata, kailangang isaalang-alang pa rin sa kabila ng pagpigil sa COVID-19 ang mga pangangailangan sa pag-unlad at paglinang sa kakayahang panlipunan at emosyonal ng mga bata.** Marami na ang nakakaalam tungkol sa mga benepisyo ng pagtuturo nang maaga sa maliliit na bata, at may maliit na posibilidad na ang mga bata ay magkaroon ng malubhang COVID-19 at maliit din ang posibilidad na magkaroon sila ng mga bihira ngunit malalang komplikasyon tulad ng multisystem inflammatory syndrome sa mga bata (MIS-C).
- **Ang anumang pagbabago tungo sa pagbibigay ng mas karaniwang karanasan sa pag-aalaga ng bata ay hindi dapat maglagay sa kawani sa mas malaking panganib.** Ang kawani na nasa hustong gulang ay may mas malaking posibilidad na magkaroon ng malubhang COVID-19 kumpara sa mga bata. Sa pagbibigay ng mga rekomendasyon para sa pagdistansya at pagtakip sa mukha, dapat bigyang-prioridad ang kaligtasan ng kawani at ang pinakamaigting na proteksyon para sa kawani.

Maghanda para sa muling pagbubukas

- Magtalaga ng kawani na tagapag-ugnay para sa COVID-19 na siyang magiging natatanging taong makakaugnayan sa bawat site para sa mga tanong o alalahanin tungkol sa mga kagawian, protocol, o potensyal na pagkakalantad. Magsisilbi ring tagapag-ugnay sa SFDPH ang taong ito.
- Magtaguyod ng mga protocol para sa kalusugan at kaligtasan upang pigilan ang paglaganap ng COVID-19.
 - Isailalim sa pagsasanay ang kawani at turuan ang mga bata tungkol sa mga kagawian para sa kalusugan at kaligtasan.
 - Gumawa ng pangkalusugan at pangkaligtasang plano na naglalarawan sa gagawin ng programa upang maipatupad ang mga kailangan sa gabay na ito at ang anumang nauugnay na Direktiba o kautusan ng Health Officer. Ibahagi ang planong ito sa kawani, pamilya, at iba pang miyembro ng komunidad sa pag-aalaga ng bata.
- Makipagtulungan sa SFDPH upang suportahan ang mga istratehiya sa pagsusuri para malimitahan ang paglaganap ng COVID-19. Maaaring kasama rito ang pagsusuri para sa kawani o mga bata, nang may pahintulot ng magulang.
- Magtaguyod ng mga protocol para sa kawani at mga bata na may mga sintomas ng COVID-19 at para sa pakikipag-ugnayan sa kawani, bata at pamilya matapos malantad sa COVID-19 o kapag may nakumpirmang kaso ng COVID-19 sa pasilidad.

Mga Pagsasaalang-alang sa Kawani

- Protektahan ang kawani, lalo na ang mga mas nanganganib na magkaroon ng malubhang kaso ng COVID-19. Tingnan ang sfcdcp.org/covid19hcp para sa listahan ng mga grupong mas nanganganib na magkaroon ng malubhang kaso ng COVID-19.
 - Mag-alok ng mga opsyong naglilimita sa pagkakalantad sa panganib sa kawani na kabilang sa mga grupong mas nanganganib na magkaroon ng malubhang kaso ng COVID-19 (hal., telework, pagtatalaga sa ibang gawain, o mga binagong tungkulin sa trabaho upang bawasan ang pangangailangan na direktang makisalamuha sa mga bata at kawani).



- Ang kawani na mas nanganganib na magkaroon ng malubhang kaso ng COVID-19 ay hindi dapat italaga sa pag-screen sa mga bata kung sila ay may mga sintomas o magbantay/mag-alaga sa mga batang may sakit na naghihintay ng sundo.
- Subukang gumamit ng portable na plexiglass na halang o ibang halang, o gumamit ng maliwanag na bintana para sa kawani kapag nagsasagawa ng screening para sa mga sintomas ng COVID-19 (mga taong pumapasok sa gusali, mga batang may hindi magandang pakiramdam).
- Subukang gumamit ng mga face shield, na gagamitin kasabay ng mga face mask o iba pang telang panakip sa mukha para sa karagdagang proteksyon ng kawani. Kung limitado ang mga supply ng face shield, ibigay muna ang mga ito sa kawani na nabibilang sa mga grupong mas nanganganib na magkaroon ng malubhang kaso ng COVID-19.
- Magplano nang maaga para sa mga pagliban ng kawani habang dumadami ang nahahawa ng COVID-19 sa komunidad. Kumuha ng mga taong sanay sa pag-aalaga ng mga bata, upang matiyak na mayroon kang listahan ng mga kahaliling tagapangalaga na maaring pansamantalang pumalit. Para sa higit pang impormasyon, tingnan ang mga alituntunin sa pagbalik sa trabaho ng SFDPH sa <https://www.sfdcp.org/rtw>.

Mga Pagsasaalang-alang para sa Mga Bata

- Gawing prioridad ang pag-enroll para sa mga sumusunod na grupo:
 - Mga anak ng mga taong nagtatrabaho sa mga negosyo o organisasyong pinapayagang manatiling bukas o muling magbukas alinsunod sa Mga Kautusan sa Kalusugan ng San Francisco
 - Mga nanganganib na bata at kabataan, kasama na ang:
 - Mga bata at kabataan na kliyente ng Mga Serbisyo para sa Pamilya at Mga Bata (Family and Children’s Services, FCS) o nasa panganib ng pag-abuso, pagpapabaya, o pananamantala
 - Mga batang kwalipikado sa pamamagitan ng Pantulong na Programa para sa Emergency na Pag-aalaga sa Bata para sa Mga Foster na Bata (Emergency Childcare Bridge Program for Foster Children)
 - Mga bata at kabataan na nakakaranas ng kawalan ng tirahan
 - Mga batang nakaligtas sa karahasan sa bahay
 - Mga bata at kabataan na may kapansanan o espesyal na pangangailangan sa pangangalagang pangkalusugan na may mga indibidwal na programa sa edukasyon (individualized education program, IEP) at/o plano sa indibidwal na suporta sa pamilya (individual family support plan, IFSP) na may kasamang mga serbisyo ng ELC
 - Mga bata at kabataan mula sa mga pamilyang mababa ang kita, kasama na ang mga nakatatanggap ng o kwalipikado sa libre o mas murang tanghalian sa paaralan, Medi-Cal, SNAP (food stamp), WIC, Head Start, CalWorks, at iba pang programang pantulong sa publiko.



- Huwag ibukod ang mga bata dahil lang sa mga medikal na kundisyon gaya ng diabetes, hika, leukemia, at iba pang medikal na kundisyong maaaring lumubha, at mga autoimmune na sakit na maaaring maglagay sa kanila sa mas mataas na panganib na magkaroon ng malubhang kaso ng COVID-19. Payagan ang medical team at pamilya ng bata na tukuyin kung ligtas na pumasok nang personal.

Mgaistratehiya upang mapigilan ang pagkalat ng COVID-19 sa mga lugar kung saan inaalagaan ang mga bata

I-screen ang lahat ng papasok sa gusali kung mayroon silang mga sintomas ng o nalantad sila sa COVID-19.

- Tanungin ang lahat ng taong papasok sa pasilidad ng pag-aalaga ng bata tungkol sa mga sintomas ng at pagkakalantad sa COVID-19—kasama na ang kawani, bata, magulang/tagapangalaga, kontratista, at bisita. Hindi kasama rito ang mga tauhang pang-emergency na tumutugon sa 9-1-1 na tawag.
- Huwag payagan ang mga taong sumagot ng “oo” sa alinman sa mga tanong sa screening na pumasok sa pasilidad.
- Maaari ding piliin ng mga programa na kailanganin ang pagkuha ng temperatura ng mga taong papasok sa gusali, na gagawin sa site o sa bahay sa tulong ng mga magulang. Hindi iniaatas ng SFDPH ang pagsusuri ng temperatura.
 - Ayon sa CCLD/CDSS, ang mga programa lang na may hindi idinidikit o “non-touch” (infrared) na thermometer ang dapat regular na kumuha ng temperatura sa tuwing dumarating ang mga bata at/o kawani. Inirerekomenda rin ng SFDPH ang mga “non-touch” thermometer kapag sinusuri ang temperatura ng mga taong pumapasok sa pasilidad. Ang mga thermometer na idinidikit sa bata (sa ilalim ng dila o kilikili, sa noo, atbp.) ay dapat lang gamitin kapag naghihinala ang kawani na mayroong lagnat o sakit ang bata.
- Para sa partikular na gabay tungkol sa pagsasagawa ng screening kung may sintomas at sa pagsusuri ng temperatura, tingnan ang [Mga Pagsusuri ng Kalusugan para sa COVID-19 para sa Mga Bata at Kabataan \(COVID-19 Health Checks for Children and Youth\)](#) (mga bata) at [Pagbibigay ng Mga Tanong para sa Screening ng COVID-19 sa Anumang Negosyo, Organisasyon o Pasilidad \(Asking COVID-19 Screening Questions at Any Business, Organization or Facility\)](#) (mga nasa hustong gulang).



Dapat manatili sa bahay ang kawani at mga bata na may sakit.

- Ipaalala sa mga magulang na panatilihin sa bahay ang kanilang mga anak kapag may sakit. Mayroong kopya ng handout para sa magulang/tagapag-alaga, na *“COVID-19 Health Checks/ If Your Child has Symptoms”* (“Mga Pagsusuri sa Kalusugan para sa COVID-19/Kung May Mga Sintomas ang Inyong Anak”) sa <https://sfcdcp.org/covidschoolschildcare>.
- Magpatupad ng mga patakaran sa pagliban dahil sa sakit na sumusuporta sa mga provider ng serbisyo ng pag-aalaga ng bata para manatili sila sa bahay kapag may sakit.



- Hikayatin ang mga miyembro ng pamilya ng mga bata at kawani na agad na magpasuri kung mayroon silang mga sintomas ng COVID-19, upang mapababa ang panganib ng pagkalat ng sakit sa mga bata o kawani sa lugar kung saan nag-aalaga ng bata.
- Hikayatin ang mga bata at kawani na manatili sa bahay sa loob ng 14 na araw pagkatapos bumiyaha sa labas ng San Francisco Bay Area kung ang mga aktibidad nila sa panahon ng kanilang pagbiyahe ay naglalagay sa kanila sa panganib na mahawa sa virus na nagdudulot ng COVID-19. Hindi ito nalalapat sa mga kawani at batang regular na nagko-commute papunta sa lugar sa pag-aalaga ng bata mula sa mga lugar sa labas ng San Francisco Bay Area. Kasama sa mga aktibidad na ito na may dalang mas malaking panganib ang:
 - Paggugol ng panahon sa loob ng 6 na talampakan mula sa mga taong bukod pa sa mga kasama nila sa bahay nang hindi nakasuot ng face mask, lalo na kung nasa loob ng gusali;
 - Pagbiyahe sa mga eroplano, bus, tren o iba pang sasakyan kasama ang mga taong bukod pa sa mga kasama nila sa bahay nang hindi nakasuot ng pantakip sa mukha sa buong pagkakataon ang lahat ng pasahero.

Ipagbawal ang mga hindi kinakailangang pagbisita

- Limitahan ang mga hindi kinakailangang pagbisita, kasama na ang pagbisita ng mga taong nagboboluntaryo.
 - Ang mga therapist na hindi mga empleyado sa pag-aalaga ng bata ngunit nag-aasikaso ng mga bata sa site, gaya ng mga ABA therapist, occupational therapist at physical therapist, ay itinuturing na mahahalagang kawani at dapat silang pahintulatang magbigay ng mga serbisyo.
- Pigilan ang mga magulang at iba pang miyembro ng pamilya na pumasok sa gusali.
- Baguhin ang disenyo para sa mga tour at open house upang matugunan ang mga alituntunin para sa laki ng grupo, screening, physical distancing, mga pantakip sa mukha, hygiene ng kamay, at paglilinis at pag-disinfect. Huwag pahintulutan ang mga tour kapag may mga bata. Magkaroon ng talaan ng lahat ng taong naroon.
- Kanselahin ang mga espesyal na kaganapan kung saan kasali ang mga magulang at pamilya, tulad ng mga pista, kaganapan sa holiday, at pagtatanghal.




Ilagay ang kawani at mga bata sa maliit at nakapirming grupo (“mga cohort”).

Ang cohort ay isang nakapirming grupo ng kawani at bata na magkakasama sa bawat araw sa lahat ng aktibidad (hal., sa tanghalian, sa recess, atbp.), at umiiwas sa pakikisalamuha sa ibang taong hindi kasali sa nasabing grupo. Kapag pinanatili ang mga tagapag-alaga ng bata at mga bata sa isang maliit na cohort araw-araw, mababawasan ang panganib na malantad sila dahil malilimitahan ang bilang ng tao kung kanino sila nakikisalamuha.

Limitahan ang bilang ng kasali sa isang cohort

Uri ng Pag-aalaga ng Bata	Maximum na bilang ng kasali sa isang cohort (Mga Kawani at Mga Bata)
Sentro para sa Pag-aalaga ng Bata	16
Pampamilyang Tahanan sa Pag-aalaga ng Bata (Family Childcare Home, FCCH)	16, o ang maximum na bilang ng batang pinapayagan ayon sa lisensya para sa pag-aalaga ng bata, kung alinman ang mas kaunti.

- Hanggang sa 4 na kawani ang maaaring magtrabaho sa isang cohort, kasama ang mga sinanay na nagboboluntaryo. Sundin ang iniaatas ng estado na ratio ng mga kawani at bata.
- Ang pinakamataas na bilang na kasali sa isang cohort ay naaangkop sa lahat sa cohort, kahit na hindi sila dumadalo o nagtatrabaho sa programa nang sabay-sabay. Halimbawa,
 - Hindi maaaring magkakasama sa isang cohort ang 2 kawani, 6 na batang dumadalo nang full-time, 6 na bata tuwing Lun/Miy/Biy, at 6 na bata tuwing Mar/Huw (na 20 sa kabuuan).
 - Hindi maaaring magkakasama sa isang cohort ang 2 kawani, 8 batang dumadalo sa kabuuan ng araw, 4 na dumadalo lang tuwing umaga, at 4 na dumadalo lang tuwing hapon (18 sa kabuuan).
 - Hindi maaaring magkakasama sa isang cohort ang 14 na bata, isang guro, isang magulang na nagboboluntaryo nang MWF, at pangalawang magulang na nagboboluntaryo nang Mar/Huw (na 17 sa kabuuan).
- Maaaring sumali ang mga kaka-enroll pa lang na bata sa isang cohort kahit kailan, ngunit kailangan silang mag-enroll sa tagal nang hindi kukulangin sa 3 linggo. Huwag hayaan ang mga batang dumalo sa loob ng mas maiikling panahon, halimbawa, sa loob ng isang araw o isang linggo kapag walang pasok sa paaralan.
- Dapat lang italaga ang kawani na nangangalaga ng mga batang mahigit 5 taong gulang sa isang cohort at kailangan nilang magtrabaho lang sa cohort na iyon. Hindi maaaring magtrabaho ang mga kawani sa mahigit sa isang cohort ng mga bata o kabataan. Halimbawa,
 - Ang mga kawaning nangangalaga ng mga batang mahigit 5 taong gulang ay hindi maaaring magtrabaho sa isang cohort nang Lun/Miy/Biy, at sa isa pang cohort nang Mar/Huw.



- Ang mga kawaning nangangalaga ng mga batang mahigit 5 taong gulang ay hindi maaaring magtrabaho sa 1 cohort sa umaga, at pagkatapos ay sa isa pa sa hapon.
- Maaaring italaga sa dalawang cohort ang mga kawani na nangangalaga lang ng mga batang 0-5 taong gulang. Sa mga programa kung saan nagtatrabaho ang mga kawani sa dalawang cohort, dapat ilagay ang mga kawani sa mga grupo na may hanggang 4 na miyembro ng kawani. Ang lahat sa grupo ng kawani ay dapat magtrabaho sa parehong dalawang cohort. Dapat lang makipagtrabaho ang mga kawani sa ibang kawani sa kanilang grupo ng kawani, at sa 1 grupo ng kawani lang sila maaaring italaga. Halimbawa:
 - Pinapayagan: (3 miyembro ng mga kawani sa isang grupo na nagtatrabaho sa 2 cohort) Nagtatrabaho si Kawani A at B sa isang cohort ng mga bata nang Lun/Miy/Biy. Nagtatrabaho si Kawani B at C sa magkaibang cohort ng mga bata nang Mar/Huw.
 - Hindi pinapayagan (5 miyembro ng mga kawani na nagtatrabaho sa 2 cohort) : Nagtatrabaho sina Kawani A, B at C sa isang cohort ng mga bata nang Lun /Miy/Biy. Nagtatrabaho sina Kawani C, D at E sa isa pang cohort ng mga bata nang Mar/Huw.
 - Hindi pinapayagan: (4 na miyembro ng mga kawani na nagtatrabaho sa 3 cohort) Nagtatrabaho sina Kawani A at B sa cohort 1 nang Lun/Miy/Biy. Nagtatrabaho sina Kawani A at C sa cohort 2 nang Mar/Huw sa umaga. Nagtatrabaho sina Kawani B at D sa cohort 3 nang Mar/Huw sa hapon.
- Pinapayagan ang mga kahaliling tagapag-alagang sumasalo para sa kawani na panandaliang lumiliban sa trabaho, ngunit dapat lang silang magtrabaho sa isang cohort ng mga bata sa bawat araw.
- Ang “mga floater,” na sumasalo para sa mga tagapag-alaga sa loob ng maikling panahon sa kabuuan ng araw, ay dapat lang magtrabaho sa isang cohort ng mga bata sa bawat araw.
- Kapag pinagpapasyahan ang bilang ng mga kawani sa isang cohort, huwag isama sa bilang ang mga taong nagbibigay ng mga one-to-one na serbisyo sa mga indibidwal na bata pero hindi nakikipag-ugnayan sa buong cohort. Kasama rito ang, pero hindi limitado sa mga occupational therapist, physical therapist, speech and language therapist, at tagapag-alaga ng ABA. Tingnan ang Direktibang Pangkalusugan sa Mga Serbisyo ng Espesyal na Suporta ng San Francisco para sa higit pang impormasyon sa <https://www.sfdph.org/dph/alerts/files/Directive-2020-26-Specialized-Support.pdf>
- Iwasang baguhin ang mga pagtatalaga ng kawani kung maaari.

Iwasang magkahalo-halo ang mga cohort.

- Bawasan ang pakikipag-ugnayan sa pagitan ng mga cohort, kasama na ang mga pakikipag-ugnayan sa pagitan ng kawani na nakatalaga sa iba't ibang cohort.
 - Italaga sa iisang cohort ang mga batang magkakasama sa bahay o sa sasakyan sa pagbiyahe, hangga't maaari.
 - Paghiwa-hiwalayin ang mga cohort para sa mga espesyal na aktibidad gaya ng sining, musika, at ehersisyo. Pag-iba-ibahin ang oras ng paglalaro sa palaruan at iba pang aktibidad upang walang dalawang cohort ang nasa iisang lugar nang magkasabay.



- Kailangang nasa isang hiwalay na kwarto o espasyo ang bawat cohort.
- Iwasang ilipat-lipat ang mga bata mula sa isang cohort papunta sa iba, maliban na lang kung kailangan para sa kabuuang kaligtasan at kapakanan ng bata.


Lagyan ng harang ang malalaking espasyo sa loob upang pigilan ang pagdaloy ng direktang hangin sa pagitan ng mga cohort.

- Maaaring gumamit ng divider o pangharang sa isang kwarto upang bigyang-daan ang mahigit sa isang cohort na gumamit sa isang malaking espasyo sa loob kung matutugunan ang mga sumusunod na kinakailangan.
 - Ang lahat ng cohort ay mula sa iisang programa sa pag-aalaga ng bata.
 - Ang kawani at mga bata ay hindi kailangang pumasok sa espasyo ng ibang cohort upang magamit ang mga banyo, kusina, iba pang pinagsasaluhang lugar o labasan. Kung kailangang dumaan ang isang cohort sa espasyo ng isa pang cohort upang makapunta sa iba pang espasyo, dapat ay maikli lang ang oras na gugugulin para gawin ito hangga't maaari. Mas mabuti kung gagamit ng mga pangharang upang paghiwalayin ang mga espasyong dadaanan ng dalawang cohort.
 - Kailangang mapigilan ng divider ng kwarto ang direktang pagdaloy ng hangin sa pagitan ng mga cohort.
 - Pinakamahasay na Kagawian: Mga solid, hindi butas-butis, madaling linisin na pangharang na umaabot hanggang sa kisame hangga't praktikal upang mabawasan ang direkta at hindi direktang pagdaloy ng hangin sa pagitan ng mga cohort.
 - Minimum na Kinakailangan: Mga solid, hindi butas-butis, madaling linisin na pangharang na nakakabit mula sa sahig at hindi iikli sa 8 talampakan.
 - Ang divider ng kwarto ay kailangang hindi:
 - Makasagabal sa bentilasyon ng bawat espasyo (hal. may mga bintana dapat sa magkabilang gilid ng pangharang o, kung gagamit ng mekanikal na bentilasyon, dapat ay mayroong mga diffuser na nagsu-supply at nagbabalik ng hangin sa magkabilang gilid ng mga pangharang), o
 - Haharang sa mga sistema ng sprinkler, access sa mga labasang pang-emergency at iba pang pangsunog at panggusaling mga code.
 - Kung kailangan ng mga detector ng usok at/o kung may ginagamit na ganito sa gusali, maaaring kailanganin ng magkakahiwalay na detector ng usok sa magkabilang gilid ng divider ng kwarto. Humingi ng payo kung kailangan para sa bawat pasilidad.


Paglalagay ng pisikal na distansya (physical distancing)

Binabawasan ng physical distancing ang panganib ng COVID-19 mula sa mga respiratory droplet. Dapat panatilihin ang physical distancing sa pagitan ng mga nasa hustong gulang hangga't maaari. Ang physical distancing sa pagitan ng mga bata ay nakabalanse dapat sa mga pangangailangan sa pag-unlad at paglinang ng kakayahang panlipunan at emosyonal ng grupo ng edad na ito.

- Magpanatili ng 6 na talampakang distansya mula sa iba pang mga taong nasa hustong gulang, kasama na ang kawani na nasa iisang cohort, hangga't maaari.



- Itaguyod ang mga opisina at kwarto ng kawani sa paraang hindi sila magtatrabaho o uupo nang may nasa hanggang 6 na talampakan lang ang layo sa isa't isa.
- Subukang gumawa ng mga virtual na pagpupulong gamit ang mga video conferencing app para sa mga pulong ng mga magulang at guro at pulong ng kawani, kahit na naroon naman sa lugar kung saan nag-aalaga ng bata ang lahat ng kawani.
- Magpanatili ng 6 na talampakang distansya mula sa mga bata kapag at hangga't maaari.
- Kapag may mga indibidwal na aktibidad, paglayuin ang mga bata nang may 6 na talampakang distansya hangga't maaari.
- Sa mga panggrupong aktibidad, oras ng paglalaro at recess, maaaring luwagan ang physical distancing para sa mga bata kung nakasuot naman ang mga bata ng pantakip sa mukha o kung nasa labas naman.
- Bigyang-prioridad ang pagpigil sa mga pakikipag-ugnayan sa pagitan ng mga cohort kaysa sa physical distancing sa loob ng isang cohort sa mga pinagsasaluhang espasyo tulad ng mga palaruan.
- Maglaan ng mas maraming oportunidad para sa mga indibidwal na aktibidad, gaya ng pagpipinta o mga likhang-kamay. Pumili ng mga panggrupong aktibidad na hindi nangangailangan ng malapitang pakikisalamuha sa pagitan ng mga bata.
- Baguhin ang ayos ng mga kasangkapan at palaruan upang mapigilan ang pagkumpol-kumpol at maisulong ang physical distancing sa pagitan ng mga batang hindi naglalaro nang sama-sama.
 - Sa oras ng siyesta, paglayu-layuin ang mga higaan o kuna ng mga bata hangga't maaari, upang ang kanilang mga ulo ay magkaroon ng 6 na talampakang distansya sa isa't isa. Pahigain ang mga bata sa kanilang mga higaan sa paraang ulo-sa-paa (tingnan ang diagram).
- Huwag magsagawa ng mga pagtitipon tulad ng mga sing-along, at iba pang aktibidad kung saan magkakasama-sama ang mga cohort, kahit pa sa labas ito gagawin.



Mga face mask at telang pantakip ng mukha

Nakakatulong ang mga face mask at iba pang telang pantakip sa mukha na mapigilang makahawa ng iba ang mga tao sa pamamagitan ng pagpigil sa mga respiratory droplet bago liparin ang mga ito. Sa pag-aalaga ng bata kung saan hindi kadalasang praktikal ang physical distancing, ang mga pantakip sa mukha ang nag-iisang pinakamahalagang hakbang upang protektahan ang kawani na mahawa ng COVID-19.



- Ang lahat ng nasa hustong gulang at batang 10 taong gulang pataas ay kailangang magsuot palagi ng mga face mask o telang pantakip sa mukha sa ibabaw ng kanilang ilong at bibig. Kasama na rito ang mga miyembro ng pamilya at tagapangalaga na naghahatid o nagsusundo ng mga bata.
 - Hindi maaaring pumasok sa gusali ang kawani, miyembro ng pamilya, at bisita maliban na lang kung may suot silang pantakip sa mukha o may dokumentasyon sila ng medikal na kontraindikasyon sa mga pantakip sa mukha. Magkaroon ng supply ng mga pantakip sa mukha para sa mga indibidwal na nakalimutang magdala nito.
 - Kailangang magsuot ang mga miyembro ng pamilya ng mga pantakip sa mukha kapag inihahatid o sinusundo ang bata.
- Dapat magsuot ng mga pantakip sa mukha ang mga batang 2-9 na taong gulang hangga't maaari kapag nasa pampublikong lugar, alinsunod sa SF Health Order, halimbawa, kapag naglalakad sa isang kalapit na parke o kapag sinusundo (drop-off o pick-up). Lalong mahalaga ang mga pantakip sa mukha sa lugar-hatiran upang protektahan ang kawani na gumagawa ng screening sa mga bata para sa mga sintomas ng COVID-19 o nagsusuri ng temperatura.
- Dapat gumamit ng mga pantakip sa mukha ang mga batang 2-9 na taong gulang hangga't maaari sa mga sumusunod na sitwasyon:
 - Sa mga panggrupong aktibidad o oras ng paglalaro kapag hindi nagsasagawa ng physical distancing ang mga bata, lalo na kapag nasa loob ng gusali.
 - Sa mga sitwasyon kung saan maaaring makasalamuha ng mga bata ang kawani at mga bata mula sa iba pang cohort, halimbawa, sa lugar-hatiran at sunduan, at sa mga daanan, banyo at palaruan sa labas.
 - Kung magkasakit ang isang bata pagkarating niya at naghihintay ng suundo (at hindi tulog).
- Inirerekomenda ang mga nagagamit muli (reusable) na face mask kaysa sa mga face mask na tinatapon na pagkatapos gamitin nang isang beses (disposable), at maaaring ipadala ang mga ito sa bahay sa kanilang mga pamilya upang palabhan.
- Maaaring alisin ng mga bata ang mga pantakip sa mukha kapag may physical distancing naman, halimbawa, kapag nagtatrabaho sa mga indibidwal na istasyon, o kapag may matinding pisikal na aktibidad sa labas. Dapat alisin ang mga pantakip sa mukha kapag nagsisiyesta.
- Huwag alisin ang mga bata sa programa sa pag-aalaga ng bata o huwag silang parusahan kung hindi sila magsusuot ng pantakip sa mukha. Patuloy silang hikayatin at paalalahanang isuot ang kanilang pantakip sa mukha. Ang isang batang ayaw magsuot ng pantakip sa mukha sa bahay ay maaaring mas pumayag na magsuot ng ganito sa lugar kung saan nakasuot din nito ang lahat ng kawani at bata.

Ang malawakang paggamit ng pantakip sa mukha ay maaaring makabawas nang malaki sa pagkalat ng impeksyon, kahit na may iilang bata na hindi makapagsuot ng pantakip sa mukha. Ang tuloy-tuloy na paggamit ng pantakip sa mukha ng mga nasa hustong gulang ang pinakamahalaga sa pagpigil sa pagkalat ng COVID-19, dahil ang karamihan ng kaso ng COVID-19 sa mga programa sa pag-aalaga ng bata ay sa kawani na nasa hustong gulang na nahawa sa komunidad.



Mga hindi kasali sa mga telang pantakip sa mukha; paggamit ng mga face shield

- Ang mga batang 0-1 taong gulang ay hindi dapat magsuot ng pantakip sa mukha dahil sa panganib ng pagkahadlang sa kanilang paghinga.
- Hindi kasama rito ang mga batang may mga dokumentadong medikal o sikolohikal na kontraindikasyon sa mga pantakip sa mukha. Kasama na rito ang mga batang hindi kayang tiisin ang pantakip sa mukha dahil sa autism o pagiging sensitibo ng pandamdang, o mga batang hindi kayang alisin nang mag-isa ang pantakip sa mukha dahil sa pagkaatrasado ng pag-develop o kapansanan.
- Ang mga kawaning may medikal na kontraindikasyon na may katibayan mula sa isang provider ng serbisyong medikal sa isang pantakip sa mukha ay maaaring payagang magsuot ng face shield na may nakataling tela sa ilalim na nakaipit sa itaas ng kanilang kamiseta. Gayunpaman, hindi ito kasing bisa ng pantakip sa mukha sa pagpigil sa pagkalat ng impeksyon. Ang hika, claustrophobia, at pagkabalisa ay hindi kadalasang itinuturing bilang mga kontraindikasyon sa pantakip sa mukha.
www.cdph.ca.gov/Programs/CID/DCDC/CDPH%20Document%20Library/COVID-19/Guidance-for-Face-Coverings_06-18-2020.pdf
- Ang kawani na nagtatrabaho kasama ng mga bata na may problema sa pandinig ay maaaring gumamit ng malinaw na mask (isang disposable o tela na pantakip sa mukha na may malinaw na harap). Kung hindi ito posible, maaari ding gumamit ng face shield na may nakabalot na tela na nakaipit sa kamiseta. Dapat magsuot ng pantakip sa mukha ang kawani sa ibang pagkakataon, halimbawa, sa mga lugar na para lang sa kawani.
- Huwag gumamit ng mga face shield kapalit ng mga pantakip sa mukha sa ibang sitwasyon. Walang patunay na nakakatulong ang mga face shield na hindi makahawa ng iba ang may suot nito.
- Subukang gumamit ng face shield bukod pa sa face mask o telang pantakip sa mukha. Nagbibigay ng karagdagang proteksyon sa mata ang mga face shield para sa nagsusuot nito. Kapag ginamit kasama ng mask o pantakip sa mukha, hindi na kailangan ng nakabalot na tela.

Hygiene ng kamay

Naaalis ng madalas na paghuhugas ng kamay at paggamit ng hand sanitizer ang mga mikrobyo ng COVID-19 sa mga kamay ng mga tao bago sila maimpeksyon sa pamamagitan ng paghawak sa kanilang mga mata, ilong, o bibig.

- Bumuo ng mga kalakaran at iskedyul para sa kawani at mga bata sa paghuhugas o pag-sanitize sa kanilang mga kamay nang madalas, kasama na ang:
 - Agad-agad pagkarating nila,
 - Bago at pagkatapos kumain,
 - Bago magsiyesta (*partikular na bigyang-pansin ang paghuhugas ng kamay bago at pagkatapos magsiyesta ng mga batang mahilig magsubo ng daliri*),
 - Pagkagaling sa banyo o pagkapalit ng diaper, at
 - Pagkatapos suminga, umubo o bumahin.




- Magpaskil ng mga karatulang nagpapaalala sa kawani at mga bata ng tungkol sa hygiene ng kamay.
 - Mayroong kopya ng mga paunawa sa hygiene ng kamay para sa mga nasa hustong gulang sa maraming wika sa: <http://eziz.org/assets/docs/IMM-825.pdf>
 - Mayroong kopya ng mga poster sa hygiene ng kamay para sa mga bata sa maraming wika sa: <https://www.cdc.gov/handwashing/posters.html>
- Turuan ang mga bata at kawani tungkol sa mga pangunahing hakbang ng pagpigil sa pagkalat ng impeksyon, kasama na ang pagtakip sa bibig kapag uubo at babahin, at madalas na paghuhugas ng kamay.
- Ilayo ang hand sanitizer sa maliliit na bata, at subaybayan ang paggamit nito.
 - Hindi inirerekomenda ng California Department of Public Health (CDPH) ang hand sanitizer para sa mga batang wala pang 24 buwan.
 - Tawagan ang Poison Control kung may makainom ng hand sanitizer sa 1-800-222-1222.

Bentilasyon at mga espasyo sa labas

Kapag mas maganda ang sirkulasyon ng sariwang hangin, mapapababa ang panganib na mahawa sa pamamagitan ng “pag-dilute” sa anumang nakakahawang respiratory droplet gamit ang sariwang hangin. Mas mababa pa ang panganib kapag nasa labas.

- Gumawa ng maraming aktibidad sa labas hangga't maaari, lalo na kapag nagmemeryenda/kumakain at mga aktibidad na nagdudulot ng mas maraming respiratory droplet gaya ng pagkanta o aktibong pag-eehersisyo.
 - Pag-iba-ibahin ang oras ng paggamit sa mga espasyo sa labas upang maiwasang magkahalo-halo ang mga cohort. Kung sapat na malaki ang espasyo sa labas, subukang magtalaga ng hiwa-hiwalay na lugar para sa bawat cohort.
- Buksan ang mga bintana upang dagdagan ang bentilasyon ng sariwang hangin kapag walang problema sa kalusugan at kaligtasan, halimbawa, kapag hindi nito mapapalala ang mga allergy o hika ng mga indibidwal. Kapag posibleng magawa nang ligtas, subukang iwan nang nakabukas ang mga pinto upang bigyang-daan ang pagdaloy ng sariwang hangin papasok sa espasyo sa loob.
- Isaayos ang mga sistema ng mekanikal na bentilasyon upang dagdagan ang bentilasyon ng sariwang hangin (na galing sa labas). Bawasan o alisin ang hanging paikot-ikot lang.
- Para sa mga sistema ng mekanikal na bentilasyon, dapat bigyang-prioridad na paramihin ang nakukuhang sariwang hangin at bawasan ang hanging paikot-ikot lang, kaysa gawing mas mabisa ang filter sa panahon ng pandemya ng COVID-19.

Para sa detalyadong gabay sa bentilasyon mula sa SFDPH, basahin ang *“Interim Guidance: Ventilation for Non-Healthcare Organizations During the COVID-19 Pandemic” (Pansamantalang Gabay: Bentilasyon para sa Mga Organisasyong Hindi Nauugnay sa Pangangalagang Pangkalusugan sa Panahon ng Pandemyang COVID-19)* sa <https://sfcdcp.org/covid19>



Limitahan ang paghihiraman

- Hangga't maaari, limitahan ang paghihiraman ng mga pangsining na supply, manipulative, at iba pang materyal na madalas na hinahawakan. Kung posible, bigyan ng sariling set ng mga supply ang bawat bata.
- Panatiliing magkakahiwalay ang mga supply, gamit at higaan ng bawat bata. Subukang gumamit ng mga sisidlan o cubby na may indibidwal na palatandaan.
- Limitahan ang paggamit ng kagamitan sa palaruan na ginagamit din ng iba at pumili ng mga aktibidad na hindi kailangang gaanong humawak sa mga surface na hinahawakan din ng iba.
 - Kung gagamitin ang mga palaruan sa labas/palaruang bahagi ng kalikasan, kailangan lang ng mga ito ng regular na pagmementina. Tiyaking maghuhugas o magsa-sanitize ang mga bata ng kanilang mga kamay bago at pagkatapos gamitin ang mga espasyong ito. Kapag ang hygiene ng kamay ay binigyang-diin, hindi kailangang linisin at i-disinfect ang mga palaruan sa labas sa pagitan ng paggamit ng mga cohort.

Paglilinis at pag-disinfect


Madaling puksain ang COVID-19 kumpara sa ibang sakit, at mabisa ang karamihan ng disinfectant na ginagamit sa bahay. Sumangguni sa [N na Listahan ng EPA](#) para sa mga disinfectant na aprubado ng EPA bilang mabisang panlaban sa COVID-19.

- Linisin at i-disinfect ang mga surface, laruan at iba pang bagay na madalas na hinahawakan. Dapat linisin at i-disinfect ang mga laruang maaaring ilagay sa bibig ng bata.
- Gawing accessible ang maraming laruan at manipulative na madaling linisin at i-disinfect sa kabuuan ng araw o magbigay sa bawat bata ng mga sisidlan ng laruan na may indibidwal na palatandaan. Alisin ang mga laruang mahirap linisin (hal. malalambot na laruan, “mga lovey”), o siguruhing ginagamit lang ang mga ito ng mga bata nang indibidwal at hindi sila naghihiraman.
- Magtalaga ng lalagyan para sa mga laruang kailangang linisin, i-sanitize, o i-disinfect bago ibalik ang mga ito sa lugar para sa pag-aalaga ng bata.
- Para sa mga detalyadong tagubilin, tingnan ang <https://www.cdc.gov/coronavirus/2019-ncov/community/schools-childcare/guidance-for-childcare.html#CleanDisinfect>

Regular na paglilinis kumpara sa masusing paglilinis (“deep cleaning”) para sa COVID-19

Maaaring makalito ang salitang “deep cleaning,” at hindi ginagamit ng CDC ang terminong ito.

- Nakatuon ang regular na paglilinis sa mga surface na madalas na hinahawakan tulad ng mga hawakan ng pinto, mesa, countertop, telepono, keyboard, switch ng ilaw, hawakan, kubeta, at gripo.
- Gaya ng sa regular na paglilinis, ang paglilinis pagkatapos ng paggamit ng taong pinaghihinalaang may COVID-19 o may kumpirmadong kaso ng sakit na ito ay **gumagamit ng mga parehong panlinis at disinfectant** ngunit kasama rito ang mga sumusunod na hakbang:
 - Buksan ang mga bintana at gumamit ng mga fan para dagdagan ang sirkulasyon ng sariwang hangin sa mga lugar na lilinisin.



- Maghintay nang 24 na oras o hanggang sa kailangan bago maglinis at mag-disinfect. Inirerekomenda ng CDPH na maghintay nang kahit 1 oras man lang.¹
- Linisin at i-disinfect ang lahat ng surface sa mga lugar na ginamit ng taong may sakit, kasama na ang mga electronic na kagamitan. I-vacuum ang espasyo kung kailangan.
- Para sa mga detalye tungkol sa paglilinis pagkatapos ng pinaghihinalaan o napag-alamang kaso ng COVID-19, sumangguni sa mga alituntunin ng CDC tungkol sa “Cleaning and Disinfecting Your Facility” (“Paglilinis at Pag-disinfect ng Iyong Pasilidad”) sa <https://www.cdc.gov/coronavirus/2019-ncov/community/disinfecting-building-facility.html> at sa mga alituntunin ng CDC para sa paglilinis ng mga pasilidad ng komunidad sa <https://www.cdc.gov/coronavirus/2019-ncov/community/organizations/cleaning-disinfection.html#Cleaning>

Mga Partikular na Sitwasyon

Drop-off at pick-up

Limitahan ang pakikisalamuha ng kawani sa mga pamilya sa drop-off at pick-up

Sabihan ang mga miyembro ng pamilya at tagapag-alaga na magsuot ng mga face mask o telang pantakip sa mukha kapag naghahatid o nagsusundo ng mga bata, at sa lahat ng oras kapag nasa loob ng pasilidad sa pag-aalaga ng bata.

Dapat magpanatili ang kawani ng 6 na talampakang distansya mula sa mga magulang at tagapag-alaga.

Paghiwa-hiwalayin ang mga oras ng pagdating at paghahatid upang limitahan ang pakikisalamuha ng mga pamilya sa isa't isa, kung posible.

Isaalang-alang ang paghatid at pagsundo sa bangketa sa kanto (curbside), kung saan susunduin ng kawani ang mga bata mula sa labas ng pasilidad pagdating nila, at dadalhin naman ang mga bata sa labas kapag susunduin na sila.

- Maglagay ng marka sa mga espasyo nang may 6 na talampakang distansya para sa mga batang naghihintay na ma-screen sa drop-off at para sa mga nasa hustong gulang na naghihintay para sunduin ang mga bata.
- Kailangan ang mga pantakip sa mukha para sa mga nasa hustong gulang na naghahatid o nagsusundo ng mga bata. Magbigay ng mga pantakip sa mukha sa mga miyembro ng pamilya na nakalimutang magdala.
- Magpaskil ng mga paunawa para mapaalalahanan ang mga miyembro ng pamilya na magpanatili ng distansyang 6 na talampakan mula sa mga taong mula sa ibang bahay kapag inihahatid o sinusundo ang kanilang alagang bata.

¹ Mga Rekomendasyon sa Pagkontrol ng Impeksyon sa Pasilidad ng Pangangalagang Pangkalusugan para sa mga Pasyenteng Pinaghihinalang May COVID-19 ng CDPH (CDPH Outpatient Healthcare Facility Infection Control Recommendations for Suspect COVID-19 Patients) <https://www.cdph.ca.gov/Programs/CID/DCDC/Pages/COVID-19/OutpatientHealthcareFacilityInfectionControlRecommendationsforSuspectCOVID19Patients.aspx>



Pag-aalaga ng mga sanggol at toddler

Pagpapaligo, Pagpapakain, o Pagkalong ng Maliit na Bata

Ang pagpapaligo, pagpapakain o pagkalong ng bata ay nagpapalaki sa panganib ng COVID-19 sa pamamagitan ng mga respiratory droplet dahil sa maliit na distansya, lalo na kung umiiyak ang bata. Ang pagdikit ng balat na may luha, sipon, at iba pang secretion ay may dalang mas maliit na panganib kaysa sa panganib ng pagsinghot ng mga respiratory droplet sa ganoong kaliit na distansya.

- Bago kumalong ng batang may edad 2 pataas, nakasuot dapat ang bata ng pantakip sa mukha sa ibabaw ng kanyang bibig at iling, maliban na lang kung papakainin siya. Isaalang-alang na magsuot ng face shield bukod pa sa pantakip sa mukha para sa karagdagang proteksyon.
- Ang mga umiiyak, malungkot at/o nababalising sanggol at toddler ay kadalasang kailangang kanlungin at bigyan ng pisikal na ginhawa. Kung umiiyak nang malakas ang bata, subukang iposisyon ang bata sa paraang hindi siya direktang nakaharap sa iyo (halimbawa, kandungin nang nakatagilid o tumayo nang bahagya sa likuran ng bata habang hinihimas ang kanyang likod). Subukang ilayo ang iyong mukha sa mukha ng bata habang kalong o hinahawakan siya para pakalmahin. Subukang ilabas ang bata upang mapakalma siya.
- Subukang patungan ang iyong regular na damit ng smock o malaking kamiseta upang hindi madikit ang luha, sipon, laway o mga secretion sa iyong damit. Para sa mga detalye tungkol sa pangangasiwa sa mga damit na may luha, sipon at iba pang secretion, tingnan ang <https://www.cdc.gov/coronavirus/2019-ncov/community/schools-childcare/guidance-for-childcare.html#InfantsToddlers>.
- Hugasan ang iyong kamay, pati na rin ang anumang balat na nadikitan ng luha, sipon o iba pang secretion ng bata, sa lalong madaling panahon.

Pagpapalit ng diaper

Bagama't na-detect na rin ang virus na nagdudulot ng COVID-19 sa dumi, wala pang napag-alamang naging pagkahawa sa pamamagitan ng paghawak sa dumi o pagpapalit ng diaper. Gayunpaman, ang norovirus at marami pang ibang impeksyon ay maaaring kumalat sa pamamagitan ng dumi.

- Sundin ang mga karaniwang ligtas na pamamaraan ng pagpapalit ng diaper, kasama na ang paghuhugas ng kamay bago at pagkatapos, at pagsusuot ng guwantes. Para sa detalyadong impormasyon, tingnan ang <https://www.cdc.gov/coronavirus/2019-ncov/community/schools-childcare/guidance-for-childcare.html#InfantsToddlers>

Oras ng pagkain at meryenda

Partikular na mataas ang panganib na magkaroon ng hawahan ng COVID-19 kapag magkakasamang kumakain dahil kailangang alisin ng mga tao ang kanilang mga pantakip sa mukha upang makakain at makainom. Kadalasang kumakain ang mga bata gamit ang kanilang kamay, at kadalasang hinahawakan ng mga bata at nasa hustong gulang ang kanilang mga bibig gamit ang kanilang kamay habang kumakain. Bukod pa rito, ang oras ng pagkain ay karaniwang itinuturing na oras para magkakasamang mag-usap na higit na nakakadagdag sa panganib, lalo na kung kailangang magsalita nang malakas ng mga bata upang sila ay marinig.

- Subukang huwag kumain kasabay ng ibang kawani, lalo na sa loob ng gusali. Isa itong karaniwang paraan kung paano nalalantad ang kawani sa COVID-19 sa trabaho.



- Mas ligtas na kumain sa labas ng gusali kaysa sa looban. Maaaring may bubong ang mga kainan sa labas (hal. may tolda), hangga't hindi lalampas sa isang gilid ang sarado, at nabibigyang-daan ang sapat na pagdaloy ng hangin.
- Ilagay ang mga pagkain sa magkakahiwalay na plato o bag, sa halip na mga pagkaing pinagsasaluhan na parang pampamilya.
- Subukang pag-iba-ibahin ang oras ng meryenda at tanghalian upang mas maraming tao ang makakakain sa labas ng gusali nang hindi nagkakahalo-halo ang mga cohort.
- Paglayu-layuin ang mga bata hangga't maaari kapag kumakain, at subukang ayusin ang mga upuan nila sa paraang hindi sila magkakaharap. Lalong mahalaga ang physical distancing kapag kumakain, dahil hindi makakapagsuot ng mga pantakip sa mukha.
- Tiyaking maghuhugas kaagad ng kamay ang mga bata at kawani o gagamit kaagad sila ng hand sanitizer bago at pagkatapos kumain. Partikular na bigyang-pansin ang mga batang mahilig magsubo ng kamay/dinidilaan ang pagkain sa kanilang kamay.
- Subukang simulan ang tanghalian nang may nakalaang oras para sa tahimik na pagkain, na susundan ng oras para sa pakikipag-usap, upang mapigilan ang pagsasalita habang hindi nakasuot ng mga pantakip sa mukha.
- Magpanatili nang 6 na talampakang distansya mula sa mga bata kapag hindi nila suot ang kanilang mga pantakip sa mukha hangga't maaari, lalo na kung kumakain sa loob ng gusali.
- Linisin at i-disinfect ang mga mesa at upuan sa pagitan ng paggamit ng iba't ibang cohort. Kung kumakain sa labas ng gusali, hindi kailangang i-disinfect ang mga bangketa at aspalto.

Mga espasyo para sa kawani: mga opisina, pahingahan at pinagtatrabahang kwarto

Kadalasang hindi itinuturing ng kawani ang kanilang mga sarili at mga kasamahan nila bilang mga pinagmumulan ng impeksyon, at nakakalimutan nilang magsagawa ng mga pag-iingat kasama ang mga katrabaho, lalo na sa panahon ng pakikisalamuha tulad ng mga break o tanghalian.

- Ipaskil ang maximum na bilang ng tao sa loob ng mga kwartong pahingahan at iba pang espasyo para sa kawani batay sa distansyang 6 na talampakan. Kung kailangan, maglagay ng mga marka sa sahig na may distansyang 6 na talampakan kung saan uupo o tatayo ang kawani.
- Magpaskil ng paunawang nagpapaalala kawani na magpanatili ng distansyang 6 na talampakan mula sa isa't isa, panatiliing nakasuot ang kanilang mga pantakip sa mukha maliban na lang kung kakain, maghugas ng kamay bago at pagkatapos kumain, at i-disinfect ang kanilang lugar pagkatapos itong gamitin.
- Subukang gumawa ng pribadong lugar sa labas kung saan maaaring kumain at magpahinga ang kawani.
- Buksan ang mga bintana at pinto upang dagdagan ang bentilasyon sa mga espasyo para sa kawani.



Iba pang aktibidad na dapat iwasan: pagkanta bilang grupo, mga field trip at pagsisipilyo

- Iwasan ang pagkanta bilang grupo, lalo na sa looban.
- Kasalukuyang ipinagbabawal ang mga field trip.
- Ihinto ang pagsisipilyo sa mga lugar kung saan nag-aalaga ng bata.

Ang dapat gawin kapag may isang tao na may pinaghihinalaan o kumpirmadong kaso ng COVID-19

Sumangguni sa “When someone has suspected or confirmed COVID-19: Quick Guide for Schools, Childcares, and Programs for Children and Youth” (*“Kapag pinaghihinalaan o kumpirmadong may COVID-19 ang isang tao: Mabilisang Gabay para sa Mga Paaralan, Pag-aalaga ng Bata, at Programa para sa Mga Bata at Kabataan”*) sa <https://sfcdcp.org/CovidSchoolsChildcare> para sa mga sumusunod na chart ng buod:

- Mga hakbang na isasagawa kapag may kawani o bata na may mga sintomas ng COVID-19, nalantad (halimbawa, may nagpositibong magulang o kapatid), o kumpirmadong may COVID-19.
- Pagbalik sa pag-aalaga ng bata matapos magkaroon ng mga sintomas ng COVID-19, malapitang pakikisalamuha, o kumpirmadong COVID-19.

Kapag may mga sintomas ng COVID-19 ang isang bata o miyembro ng kawani

- Ang kawani na nagkaroon ng mga sintomas sa trabaho ay dapat mag-abiso sa kanyang supervisor at umalis sa trabaho sa lalong madaling panahon. Para sa gabay ng SFDPH tungkol sa kung kailan maaaring bumalik sa trabaho ang mga kawani, tingnan ang <https://sfcdcp.org/rtw>.
- Ilagay ang mga batang may sakit sa nakahiwalay na lugar, malayo sa iba pang bata, hanggang sa masundo na sila.
- Kapag may dumating nang magulang o tagapag-alaga, isalang-alang na samahan ang batang maglakad palabas upang salubugin siya sa halip na payagan ang magulang o tagapag-alaga na pumasok sa gusali. Dahil ang mga batang may COVID-19 ay nahawahan ng magulang o iba pang nakakatanda sa kanilang bahay, maaaring may COVID-19 din ang magulang.
- Buksan ang mga bintana sa mga lugar na ginamit ng taong may sakit upang dagdagan ang sirkulasyon ng sariwang hangin. Isara ang mga lugar na iyon sa lalong madaling panahon, hanggang sa maaari nang linisan o i-disinfect ang mga ito.
- Ang mga batang may mga sintomas ay maaaring bumalik sa programa sa pag-aalaga ng bata kapag natugunan nila ang mga pamantayan sa *“Kapag Pinaghihinalaan o Kumpirmadong may COVID-19 ang Isang Tao: Mabilisang Gabay para sa Mga Paaralan, Pag-aalaga ng Bata, at Mga Programa para sa Mga Bata at Kabataan.”* Mayroon ding handout para sa magulang na, *“For Parents and Guardians: COVID-19 Health Checks for Children and Youth/If You Child Has Symptoms”* (*“Para sa Mga Magulang at Tagapag-alaga: Mga Pagsusuri sa Kalusugan para sa COVID-19 para sa Mga Bata at Kabataan/Kung May Mga Sintomas ang Iyong Anak”*). Nasa <http://sfcdcp.org/CovidSchoolsChildcare> ang parehong dokumento.



Kapag nagpositibo sa COVID-19 ang isang bata o kawani

- **Makipag-ugnayan sa Hub para sa Mga Paaralan at Pag-aalaga ng Bata ng SFDPH (SFDPH Schools and Childcare Hub)** para sa paghingi ng payo at gabay sa (415) -554-2830 Pindutin ang 1 para sa COVID-19, pagkatapos ay pindutin ang 6 para sa Mga Paaralan Schools-childcaresites@sfdph.org
- **Makipagtulungan sa SFDPH upang matukoy ang kawani, mga bata at iba pang tao sa lugar kung saan nag-aalaga ng bata na malapitang nakasalamuha** ng taong may COVID-19. Ang mga indibidwal na malapitang nakasalamuha ay dapat abisuhan, may alam kung paano magpasuri, at nakakaunawa kung kailan sila o ang kanilang anak makakabalik sa programa, na kadalasang 14 na araw mula nang huli silang malantad. Kumonsulta sa SFDPH tungkol sa pagsasara sa pasilidad kung mayroong mga kaso sa mahigit sa isang cohort, o para sa mga pampamilyang tahanan sa pag-aalaga ng bata, kung may isang tao sa bahay na may COVID-19 at dapat manatili sa bahay.
- **Isara ang mga lugar na ginamit ng taong may COVID-19 hanggang sa maaari nang linisan at i-disinfect ang mga ito.**
- **Makipag-ugnayan sa kawani at mga pamilya.**
Panatilihin ang pagiging kumpidensyal ng bata, o nasa hustong gulang na may COVID-19 ayon sa iniaatas ng Americans with Disabilities Act, Family Education Rights and Privacy Act, at ng HIPAA kung posible.

Mga Sanggunian

Departamento ng Pampublikong Kalusugan ng San Francisco (SFDPH)

- **Mga Paaralan at Hub ng Pangangalaga sa Bata ng SFDPH (SFDPH Schools and Childcare Hub)** para sa mga paghingi ng payo at gabay tungkol sa COVID-19 (415) 554-2830. Pindutin ang 1 para sa COVID-19, pagkatapos ay pindutin ang 6 para sa Mga Paaralan Schools-childcaresites@sfdph.org
- Gabay tungkol sa COVID-19 para sa publiko, kasama na ang mga paaralan at employer <https://sfcdcp.org/covid19>
- *“What to Do When Someone Has Suspected or Confirmed COVID-19: Quick Guide for Schools, Childcares, and Programs for Children and Youth” (“Ano ang Dapat Gawin Kapag Pinaghihinalaan o Kumpirmadong May COVID-19 ang Isang Tao: Mabilisang Gabay para sa Mga Paaralan, Pag-aalaga ng Bata, at Programa para sa Mga Bata at Kabataan”)* sa <https://sfcdcp.org/CovidSchoolsChildcare>
- *“Parent and Caregiver Handout: COVID-19 Health Checks/If Your Child has Symptoms” (“Handout ng Magulang at Tagapag-alaga: Mga Pagsusuri sa Kalusugan para sa COVID-19/Kung May Mga Sintomas ang Iyong Anak.”)* <http://sfcdcp.org/covidschoolschildcare>
- Outreach Toolkit Para sa Coronavirus. May mga poster at flyer tungkol sa physical distancing, hygiene ng kamay, mga face mask, mga screening para sa kalusugan, pagpapasuri, at iba pang paksa tungkol sa COVID 19 sa <https://sf.gov/outreach-toolkit-coronavirus-covid-19>



- “What to do if someone at the Workplace Tested Positive for COVID-19” (“Ang dapat gawin kung may isang taong Nagpositibo sa COVID-19 sa Lugar ng Trabaho”) <https://www.sfcddcp.org/covid19> sa ilalim ng Mga Negosyo at Employer.
- “Leaving Isolation or Returning to Work for Those Who Have Confirmed or Suspected COVID-19” (“Pag-alis sa Pagkaka-isolate o Pagbalik sa Trabaho para sa Mga Taong Kumpirmado o Pinaghihinalang May COVID-19”) <https://www.sfcddcp.org/rtw>
- “Interim Guidance: Ventilation for Non-Healthcare Organizations During the COVID-19 Pandemic” (“Pansamantalang Gabay: Bentilasyon para sa Mga Organisasyong Hindi Nauugnay sa Pangangalagang Pangkalusugan sa Panahon ng Pandemyang COVID-19”) sa <https://sfcddcp.org/covid19>

California Department of Public Health (CDPH)

- “COVID-19 Update Guidance: Child Care Programs and Providers” (“Gabay sa Update tungkol sa COVID-19: Mga Programa sa at Provider ng Pag-aalaga ng Bata”) 7/17/2020: <https://files.covid19.ca.gov/pdf/guidance-childcare--en.pdf>
- “Guidance for Small Cohorts/Groups of Children and Youth” (“Gabay para sa Maliliit na Cohort /Grupo ng Mga Bata at Kabataan”) <https://www.cdph.ca.gov/Programs/CID/DCDC/Pages/COVID-19/small-groups-child-youth.aspx>
- “COVID-19 Case and Contact Management Within Child Care Facilities” (“Pamamahala ng Kaso ng COVID-19 at Contact sa Loob ng Mga Pasilidad sa Pag-aalaga ng Bata”) <https://www.cdph.ca.gov/Programs/CID/DCDC/Pages/COVID-19/contact-management-childcare-facilities.aspx>

Mga Center para sa Pagkontrol at Pag-iwas sa Sakit (CDC)

- Gabay para sa Mga Paaralan at Pag-aalaga ng Bata (Guidance for Schools and Childcare) <https://www.cdc.gov/coronavirus/2019-ncov/community/schools-childcare/index.html>
- Gabay para sa Mga Programa sa Pag-aalaga ng Bata na Nananatiling Bukas <https://www.cdc.gov/coronavirus/2019-ncov/community/schools-childcare/guidance-for-childcare.html>
- Paglilinis at Pag-disinfect para sa Mga Pasilidad ng Komunidad (Cleaning and Disinfection for Community Facilities) <https://www.cdc.gov/coronavirus/2019-ncov/community/organizations/cleaning-disinfection.html>